Republic of the Philippines
# Department of Education

JUN 2 2 2012

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **104** , s. 2012

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2012**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1-31, ang pagdiriwang ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na may paksang *"Tatag ng Wikang Filipino, Lakas ng Pagka-Pilipino."*

2. Layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:

a. maisakatuparan ang mga tungkulin ng KWF ayon sa itinakda ng Seksiyon XIV, Letrang L ng Batas Republika 7104;
b. mapalakas lalo ang wikang Filipino bilang wikang pambansa at wikang panlahat para sa lakas at tatag ng sambayanang Pilipino;
c. magunita ang kasaysayan ng wikang pambansa sa ika-75 taon mula nang ipahayag ang Tagalog bilang batayang wika;
d. maganyak ang mamamayang Pilipino na makilahok sa Timpalak sa Pagsulat ng Sanaysay sa Filipino; at
e. lalong pasiglahin ang mga paaralan sa pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Hinati sa limang (5) paksa ang isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Paksa |
|---|---|
| Agosto 1-7 | Pitumpu't limang taon sa Pagsulong ng Wikang Filipino sa Edukasyong Pilipino |
| Agosto 8-14 | Filipino at iba pang mga Wika sa Pilipinas: Lakas ng K to 12 at MTB-MLE |
| Agosto 15-21 | Wikang Filipino at iba pang Wika sa Rehiyon: Wika ng Bayan sa Kapayapaan |
| Agosto 22-28 | Wikang Filipino: Wikang Panlahat para sa Matatag na Lipunang Pilipino |
| Agosto 29-31 | Wika ay Kakambal ng Kapayapaan sa Pagtahak sa Tuwid na Landas |

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City 1600 633-7208/6337228/632-1361 636-4876/637-6209 www.deped.gov.ph

4. Kalakip nito ang Mungkahing Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 148, s. 2011

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
CURRICULUM
Learning Area, FILIPINO
SCHOOLS

R-MCR/DMDM-Buwan ng Wika
1345/1049June 15, 2012

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 104, s. 2012)

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2012**

**Agosto 1-7 Pitumpu't Limang Taon sa Pagsusulong ng Wikang Filipino sa Edukasyong Pilipino**

1. Pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng wika.
2. Pagdaraos ng talakayan hinggil sa isyu ng pagpapaunlad ng wikang Filipino.
3. Pagsasagawa ng eksibit na ang tema ay nauukol sa kasaysayan ng wikang Filipino mula nang ipahayag ang Tagalog bilang batayan ng pambansang wika.
4. Pagpapagamit ng wikang Filipino sa mga komunikasyon at korespondensiyang opisyal at iba pang disiplina.
5. Pagtalakay na ang wikang Filipino ang pangunahing daluyan ng pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

**Agosot 8-14 Filipino at iba pang mga Wika sa Pilipinas : Lakas ng K to 12 at MTB-MLE**

1. Pagtalakay ng wikang Filipino at iba pang mga wika bilang wika sa binagong kurikulum sa edukasyon (MTB-MLE).
2. Pagpapalakas ng paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo alinsunod sa kurikulum ng K to 12.
3. Pagdaraos ng mga debate sa paksang "Nakatutulong ang Wikang Katutubo sa Pagpapaunlad ng Wikang Filipino".
4. Pagpapasulat ng maiikling sanaysay kaugnay ng pagdiriwang ng buwan ng wikang pambansa sa antas elementarya at sekondarya.
5. Paghahanda ng slogan na may kaugnayan sa paksa, para sa lalo pang pagpapasigla ng pagdiriwang.

**Agosto 15-21 Wikang Filipino at Iba pang Wika sa Rehiyon: Wika ng Bayan sa Kapayapaan**

1. Pagsasapuso ng pag-awit ng "Lupang Hinirang"
2. Pagsasapuso ng Panatang Makabayan.
3. Pagsasapuso ng mga awiting bayan bilang bahagi ng programa sa pagdiriwang.

4. Pagtataguyod ng kumperensiya na ang pokus ay paggamit ng wika para sa pagpapalutang ng identidad ng pagka-Pilipino.
5. Paggawa ng poster para sa kabansaan na nagsusulong ng isang wikang matibay na nagbibigkis ng bayang maunlad.

**Agosto 22-28 Wikang Filipino, Wikang Panlahat para sa Matatag na Lipunang Pilipino**

1. Pagtatanghal ng masining na dula-dulaan, tula at talumpatian para sa pagpapatatag ng edukasyon at kultura at nagpapahalaga sa sariling pag-iisip, dangal at marangal na adhikain bilang malayang bansa.
2. Pagpapalakas ng paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo.
3. Pagpapagamit ng wikang Filipino sa mga talakayan sa loob at labas ng silid-aralan.
4. Pagbuo ng programa sa wika na magpapakita ng matatag na lipunan.
5. Pagtatanghal ng programa na sa kabuuan ay para sa kapakanang pang-edukasyon at pangkultura.

**Agosto 29-31 Wika ay Kakambal ng Kapayapaan sa Pagtahak sa Tuwid na Daan**

1. Pagtataguyod ng pampaaralang timpalak sa pag-aayos ng mga silid-aralan na nagtatanghal ng isang buwang pagpapahalaga sa wikang pambansa.
2. Pagtatanghal ng masining na timpalak sa pagbigkas na ang paksa ay ang paggamit ng wika sa pagtahak sa tuwid na landas
3. Pagdaraos ng palatuntunan na nagtatanghal ng wika bilang kakambal ng kapayapaan sa pagtahak sa tuwid na landas.